

# PROLOGUE

Sino nga ba ang babaeng hindi nag-aasam ng isang love life na hinango mula sa kwento ni Cinderella? Gusto yata ng nakararami ang masabing nagtapos ang kwento nila ng pag-ibig sa pangungusap na, “And they lived happily ever after.”

Meet Gabriela Maria Sinderella Murriel—anak ng isang Overseas Filipino Worker, 25 years old at minsan nang nag-asam na maging isang Cinderella. And yes, her ‘third’ name’s spelled with an S.

Bakit nga ba sa panahon ngayon ay maraming istilong nagsusulputan kung paano pangalanan ang mga babies? Maraming pa-effect, pa-unique. May nalalaman pang pagmix ng pangalan ng mga magulang; nandiyan ang excessive na paggamit ng letter “h” tulad ng Dhon sa Don at siyempre, kasama na rin ang pag-misspell ng mga pangalan tulad na lang nitong kay Sinderella na mula ngayon, para sa kwentong ito, ay tatawagin natin sa kanyang napakagandang palayaw na Gray.

Nagsimula ang lahat ng ito nang bilhan si Gray ng kanyang nanay ng libro tungkol sa pinakaiidolo niyang prinsesa sa balat ng lupa noong siya ay apat na taong gulang pa lamang. Pero matindi nga pala ang dagok sa buhay kung mawawalan ang isang tao ng magulang samantalang bata pa. Nagkasakit ang tatay niya noon kaya sumakabilang buhay ito nang mas maaga. Napilitan ang

nanay niya na magtrabaho sa ibang bansa para may maipantustos sa kanila. Gaya ng karamihang anak ng mga OFWs, naiwan si Gray sa pangangalaga ng kanyang dakilang lola.

Ang sabi ng nanay niya ay swerte pa nga raw ito dahil sa Amerika ito naging yaya ng isang matandang mayamang retiradong Amerikanong doktor.

Pansinin ang mga mata ni Gray na parang laging inaantok, droopy kung tawagin. Buti na lang din at namana niya ang matangos na ilong ng kanyang ina. Alaga niyang suklayin ang mahaba at flawless niyang buhok. Pwede nga raw siyang mag-model ng shampoo sabi ng kanyang lola. Iyon lang, hindi siya maputi; ayaw naman niyang mag-glutathione. Bukod sa mahal iyon, eh, tunay na mahal niya ang kulay ng kanyang balat... period.

Isa lang naman ang naging paulit-ulit na bilin sa kanya ng nanay niya: “Mag-aral kang mabuti, anak, para sulit ang lahat ng pagod ni Nanay sa Amerika.”

Makaraan ang sampung taon, sumulat kay Gray ang kanyang ina at sinabing namatay na raw ang matandang inaalagaan nito. Lilipat na raw ito ng trabaho sa isang ospital bilang aide. Buti na lang, nairekomenda ito ng amo bago pa pumanaw.

Akala ni Gray ay iyon lang ang balita ng ina. Pero bukod doon, na-in love din pala ito sa kapwa Pinoy na katrabaho sa ospital at ikinasal na sa lalaking iyon. Ang sabi ng ina sa Skype ay

*Sinderella's Mess - Diana Salvador*

---

balo rin daw si Matthew. Nagkasakit ng cancer ang asawa nitong Amerikana noong ipinagbubuntis pa lang ang bunsong anak na babae. Babae rin ang panganay nito.

Nakikini-kinita na ni Gray ang super negative na kalalabasan ng family picture nila kapag nagkataon. HINDI ito maganda dahil siya lang ang HINDI maputi pero wala siyang pakialam kung ganoon man. Dito natin sisimulan ang masalimuot na kwento ng love life niya.

# 1

Nakaupo sa sala ang payat at mukhang masayahing lola ni Gray habang nagbabasa ng prayer book tungkol sa mga santo.

“Good morning, Lola Alicia!” bati ni Daniel mula sa pinto ng maliit na apartment ng mga Murriel.

Sinisipat ni Lola Alicia si Daniel mula ulo hanggang paa habang minumwestrahan nitong pumasok ang binata sa kabahayan. May hitsura ang best friend ni Gray, matangkad at maayos pumorma. Marami-rami rin ang nagkaka-crush sa lalaki lalo na at mahusay ito sa swimming.

Lingid man sa matanda o hindi, mahilig makipag-fling itong si Daniel, pero wala pang nagiging seryosong girlfriend. Malimit itong pinagtitripan at niloloko ni Gray dahil bukod sa kapareho nito ng pangalan, kahawig din ng binata ang isang Brapanese cutie na nanalo sa isang reality show ilang taon na ang nakalilipas.

“Gray, nandito na si Daniel,” tawag ni Lola Alicia sa apo.

“Nagsusuklay na lang, Lola. Bababa na po ako.” Iyan ang lagi niyang hirit sa matanda tuwing darating si Daniel dahil palagi siyang maagang dinadaan ng binata sa bahay.

May security agency ang pamilya ng kaibigan at doon nagtatrabaho si Gray. Si Daniel ang nagpasok sa kanya doon

bilang sekretarya. Araw-araw, trabaho niyang kolektahin ang mga dumarating na bio-data, mag-interview ng mga aplikante, humingi ng mga requirements, mag-stapler, mag-file, sumagot ng telepono, mag-type nang konti at higit sa lahat, magsuklay habang walang ginagawa.

---

“Uy! Lunch time na, Gray.” Kinalabit ni Daniel sa ilong ang best friend.

“Parang wala akong gana, eh.”

“Inaatake ka na naman ba ng pre-midlife crisis symptoms mo?” tatawa-tawang hirit ng binata habang iniindak ang mga kamay sa ere na parang nagtatalumpati. “Ito na ba ang dapat kong gawin? Ito na ba ang sagot sa mga ambisyon ko? Giginhawa na ba ang buhay namin ni Lola Alicia?” Hindi pa natatapos ni Daniel ang patutsada ay hinahampas na ito ni Gray ng isang inirolyong bio-data sa balikat.

“Um, sige, asarin mo pa ako. Stapler ang kasunod niyan,” asar na hirit niya sa kaibigan.

“Joke lang. Ikaw naman o. Paminsan-minsan kasi dapat hindi mo masyadong iniisip ’yan. Ikaw din, tatanda ka agad.”

“Eh, ano ang iisipin ko? Ang pagdating ng Da Sisters?” masungit niyang sagot.

“Oo nga, ano? Bukas na... Bukas, luluhod na ang mga tala.”

Umiling lang si Gray at umayos na si Daniel. “Uy, Gray... at least, matutupad ang isa mong pangarap. Cinderella na ang dating mo niyan. Basta kapag inaapi ka, ako ang bahala. Ako ang magiging fairy god best friend mo,” nakakalokong pang-inis pa ng lalaki.

“Ikaw na lang kaya ang evil step-best friend? Iniisip ko pa lang na bibisita sila eh ang feeling ko sobrang magugulo ang buhay at buhok ko. Hay naku, hindi ko feel 'yun, 'no?”

Seryoso ang hitsura ni Daniel. “Syempre, hindi ko hahayaang maapi ang best friend ko. Kapag minaltrato ka nila, ako ang unang-unang magtatanggol sa 'yo. Bibilhan na lang kita ng damit at ihihram kita ng kotse sa papa ko kapag magkakaroon ka ng aatendang party.” Ang kunot sa noo ni Gray ay unti-unting napapalitan ng ngiti. “O, ano? Lunch na tayo? Tom-guts na 'ko,” aya ng lalaki.

“Sige na, mauna ka na. Ipag-take-out mo na lang ako. Tatapusin ko lang 'tong folder na 'to.”

“Sige.”

Kaharap pa rin ni Gray ang folder pag-alis ni Daniel. Blangko pa rin ang isip niya hanggang sa mapansing may bago siyang e-mail notification. Malumanay niyang binasa ang buod nito.

“Dear, Ms. Murriel... We regret to inform you that we do not have any opening for the position you have applied for. We will put your application in our active file... Hay, ang galing talaga ng timing,” ang napabuntung-hiningang nasabi ni Gray.

“Hi, Lola.” Humalik at nagmano siya kay Lola Alicia.

“O, Gray, tamang-tama ang dating mo. Naghain na ako. Halika at kumain na tayo.”

Iniinspeksyon ni Gray ang mukhang masarap na pork adobo at ginisang ampalaya with egg. “Wow, adobo.” Hawak na niya ang tinidor at kutsara habang katabi si Lola Alicia. Nagsasandok pa lang siya ng kanin ay may phone-in question na agad ang maganda.

“Sabado na bukas, nasabihan mo na ba si Daniel?”

“Opo, pumayag na po at nakapagpaalam na rin siya sa papa niya na susunduin natin si Nanay sa airport.” Pagkahaba-haba ng mukha niya sa lungkot.

“Eh, ba’t ganyan ang mukha mo? Limang taon mo nang hindi nakikita ang nanay mo, hindi ka man lang masaya?”

“Eh, Lola, hindi lang po si Nanay ang darating bukas, di ba? Kasama niya rin sina Matthew, Angelina at Amber. Eh, sa liit ng apartment natin, tiyak sa sala ang bagsak ko. Saka alam n’yo naman na tuwing nag-i-Skype kami ni Nanay, eh, wala namang amor’yung dalawa sa akin. *‘Oh, Gray, what is that you’re wearing? Is that a pimple on your cheek? Hey, Gray, I have a boyfriend already. His name is Rick and Amber has a new suitor. Achuchuchu, achuchuchu.’*”

Napahalakhak si Lola Alicia. “Hay naku, apo. Nakakatawa ka talaga. Hayaan mo na. Kapag nakakita ng ipis ’yun dito ay tiyak magpahahanap ng hotel ang mga iyon sa tatay nila.”

“Akala mo kasi kung sino. Amerikanong hilaw naman,” aniya sabay subo sa sobrang malinamnam na adobo ni Lola Alicia, may partner pang mainit na kanin.

“Pagkatapos nating kumain, matulog tayo nang maaga para hindi ka mukhang puyat. Aber, ipapatalo ko ba ang apo kong ubod ng ganda? Noong kabataan ko pa ay marami din yata akong manliligaw.” Kinikilig pa si Lola sa kwento nito. Napahaba nga ang salaysay nito dahil alas doce na ay nagkukwento pa rin tungkol kay Tony, ang pinakamasugid nitong Bikolanong manliligaw. Katabi nito ang apo sa kama.

Nahikab si Gray nang bahagya at naghilik bigla. Isa lang ang nasa isip ng dalaga nang maramdaman ang sobrang antok: eye bags.

---

Sabay ang pagsasarado nila ni Daniel ng magkabilang pinto ng van sa unahan. Tinatahak na ng dalawa ang waiting area sa airport.

“O, hanapin mo na ang Da Sisters. Kapag may nakita kang lumulutang na sungay, si Angelina na ’yun. Kapag may nakita ka namang lilipad-lipad na babae na kalahati lang ang katawan ay si Amber naman ’yun,” bulong ni Gray sa kaibigan.



“At kapag may nakita akong nananabako at panay ang sipa sa tabi, si Matthew na ba 'yun?” sakay nito, at tatawa ang dalawa pagkatapos.

“Thank you, ha. Ikaw pa ang nagmaneho para sunduin si Nanay.”

“Ano ka ba? Okay lang 'yun, 'no,” sabi ni Daniel.

“In fairness, ayos ang porma mo ngayon. Artistahin, perfect description ng tall, dark and handsome—in checkered polo nga lang. Ayos! Baka maging brother-in-law pa kita niyan, ha.”

Bahagyang hinatak ni Daniel ang ponytail ni Gray.

“Uy, nahiya siya. Natutuwa ka ba sa sinabi ko tungkol sa hitsura mo? Sige, para di ka alangan ako naman ang sabihan mo ng maganda.”

Tatawa-tawa si Daniel sabay tingin kay Gray. “Oo na, maganda ka rin.”

Bitin na bitin siya sa sinabi ni Daniel kaya siya na lang ang nagpatuloy, “Gabriela Maria Sinderella Murriel, Gray for short. Five feet and five inches tall, brown eyes, silky long black hair, 32-25-32, may ka look-a-like na artista pero hindi ko na sasabihin kung sino.” Matatawa na lang sila ulit sa kalokohan ni Gray.

Hanggang sa napatunganga si Daniel habang nakatingin sa di kalayuan. Hindi isa kundi dalawang naggagandahang tisay ang papalapit, parang kagagaling lang sa shooting ng commercial para

sa mamahaling pabango o damit. Nakikisama pa ang hangin sa dalawa. Umiihip ito nang bahagya at nagdudulot ng glamorosong effect sa flow ng mala-mais na buhok nina...

“Angelina at Amber...” Iyon lang ang nabulong ni Gray sa kanyang sarili habang nararamdaman ang nagsusulputang pawis sa ilong at noo niya. Hinatak niya pababa ang band sa kanyang buhok at pilit iwinasiwas ang kanyang flawless hair. Humampas-hampas tuloy iyon sa mukha ni Daniel.

At ang ending, parang nakasabog na balahibo ng ibong sabukot ang hitsura ng buhok ni Gray.

“Gray, hello there!” bati sa kanya ni Angelina habang hinaharrass siya nito ng isang matinding beso-beso.

Pa-cute naman si Amber habang nilalamog ang braso ni Gray at tili nang tili, “I can’t wait to spend time with you, dear sister.”

Ang tanging naisukli niya sa mga bati ng dalawa ay isang maasim na, “Welcome! Welcome to the Philippines. Mabuhay!” sabay sulyap kay Daniel na mukhang galak na galak sa nagsusumigaw sa ganda at kaseksihan ng mga hilaw stepsisters niya.

Isang mainit na yakap ang alay niya sa kanyang nanay. Ilang sandali pa ay niyayakap na rin siya ni Matthew, pero isang matabang na ngiti lang ang nakayanang ipakita ni Gray sa kanyang stepfather.

*Sinderella's Mess - Diana Salvador*

---

Nagmumukhang Christmas tree na si Daniel sa sobrang pagkukumahog nitong buhatin ang lahat ng mga gamit ng Da Sisters. Parang timang at mukhang abot hanggang Quiapo ang ngiti nito. Sabagay, talaga namang ubod ng gaganda nina Angelina at Amber. Para tuloy si Gray si The Ugly Duckling.

Walang tigil sa pagsasalita si Angelina buong biyahe nila pauwi. Panay naman ang irap at paglaki ng butas ng ilong ni Gray kay Daniel sa tuwing naririnig niya ang mga salitang my boyfriend this, my boyfriend that at ang winner sa lahat ay, “How come you don’t have a boyfriend yet, Gray?”

Hay! Nasusuka na si Gray. Gusto na yata niyang magpatiwakal. Tinatapik-tapik din siya ni Daniel paminsan-minsan dahil mukhang nahahalata ni Nanay ang maniobra ng mukha ng unica hija. Buti na lang at hindi traffic kaya nakauwi sila agad.

Siyempre hindi lang isa kundi tatlong linggo niyang pagtitiisan ang lahat ng ito. Hindi niya akalain at malubos maisip na si Daniel pa ang mag-e-enjoy sa bakasyon na ito ni Nanay.

“Eeeeeee! Eeeee! A cockroach,” mabaliw-baliw na sigaw ni Amber habang mahigpit na nakabitin sa balikat si Daniel.

“Oh, yes. I is for ipis, Amber.”

Pinagtatawanan nilang lahat si Amber habang namimigay ng mga pasalubong si Matthew galing sa Balikbayan box.

“Papa, I can’t possibly stay here,” reklamo ni Amber, sa tuwa

ni Gray.

“Amber, mahal ang tumira sa hotel nang tatlong linggo,” ani Matthew.

“Nakakaintindi naman pala ng Tagalog, eh,” bulong ni Gray kay Daniel.

“We will buy insect spray later,” sabat ni Nanay.

Parang robot na nakikisali si Daniel sa pag-uusap at nagmamayabang sa wikang Ingles din, “Ah, I will kill it for you. No problem. It’s just small... you’re big.”

Aba, mukhang nahuhumaling na ang kaibigan ni Gray kay Amber. Gusto niya itong sipain sa paa, pero sa dami ng pabor na naibigay nito sa kanya, wala nang nagawa si Sinderella kundi sabihing, “I’ll be in the kitchen to cook dinner.”

Suwabe ang exit niya. Sa loob ng tatlong linggo, iyon ang plano ni Gray: ang umeskapo kapag naroon ang tatlo.

Naghihiwa si Gray ng kamatis nang kumustahin siya ni Nanay. Natuturette na rin yata ito sa kakaangal ni Amber kaya nakihiwa na rin ng mga sangkap para sa sinigang.

“Ano’ng lulutuin natin, Gray?”

“Sinigang na baboy po, Nay.”

“Ang haba-haba na ng buhok mo, ah. Gumanda ka pa lalo. Yan bang si Daniel ay boyfriend mo na o best friend pa

rin? Kunsabagay, pareho lang naman na BF ang short cut n'un.”  
Ngingitian siya ni Nanay.

“Nay!”

“Hmm, sumisimangot ka na naman. Dapat pa-LOL, LOL ka lang, anak.”

“Wow, ang nanay ko may alam pang mga abbreviation. Huwag mong i-push 'yan, Nay. BF is for B-E-S-T friend.”

“Ang ibig sabihin ba niyan, eh, wala ka pang boyfriend? Ang prinsesa ko ay naghahanap pa rin ba ng prinsipese?”

“Opo, wala pa. Ang tagal nga, eh,” ani Gray sa kanyang nanay habang inihuhulog sa kumukulong tubig ang baboy kasama ng sibuyas at kamatis.

“Okay lang 'yan, anak, basta kuntento ka at masaya sa ginagawa mo ay masaya na rin ako para sa iyo. Hindi tulad ng mga kapatid mong sina Angelina at Amber, lagi akong natuturette d'un. Pero atin-atin lang ito, anak. Actually, kahit ipagsigawan ko pa sa lahat, super mas mahal na mahal kita sa dalawang iyon.”  
Mahigpit nitong niyakap si Gray.

“I love you, Gray. Miss na miss na kita.”

Halos maiyak ang dalaga sa galak na naramdaman. Doon lang niya uli nayakap nang sobrang higpit ang kanyang nanay na si Maria Dolores Murriel, ang pinaka-astig na OFW ng buhay niya.